

1

Lesson Exemplar for Grade 1 Reading and Literacy

Quarter 3

Week

5

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

Learning Activity Sheet for Reading and Literacy Grade 1

Quarter 3: Week 5

This material is intended exclusively for the use of teachers in the implementation of the MATATAG K to 10 Curriculum. It aims to assist in delivering the curriculum content, standards, and lesson competencies.

The Intellectual Property Code of the Philippines states that “No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.”

Borrowed materials (e.g., texts, illustrations, musical notations, photos, and other copyrightable, patentable contents) included in this learning resource are owned by their respective copyright and intellectual property right holders. Where applicable, DepEd has sought permission from these owners specifically for the development and printing of this learning resource. As such, using these materials in any form other than agreed framework requires another permission and/or licensing.

No part of this material, including its original and borrowed contents, may be reproduced in any form without written permission from the Department of Education.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

Published by the Department of Education

Secretary: Sonny M. Angara

Undersecretary: Gina O. Gonong

Development Team

Writer:	Daisy Jane Calado
Content Editor:	Briget V. Varron, Aisa Veronica Pintor
Illustrator:	Joselito Pilotos, Marco R. Abellon, Randy G. Mendoza
Layout Artist:	Rejoice Ann C. Mananquil

Management Team

Bureau of Curriculum Development, Bureau of Learning Delivery, Bureau of Learning Resources

MATATAG K to 10 Curriculum Weekly Lesson Log	School		Grade Level	1
	Name of Teacher		Learning Area	English
	Teaching Dates and Time		Quarter	3


	DAY 1	DAY 2	DAY 3	DAY 4
I. CURRICULUM CONTENT, STANDARDS, AND LESSON COMPETENCIES				
A. <i>Content Standards</i>	The learners demonstrate ongoing development in decoding high frequency words and content-specific vocabulary; understand and create simple sentences in getting and expressing meaning about one's community and content-specific topics (narrative and informational).			
B. <i>Performance Standards</i>	The learners use their ongoing development in automatically recognizing sight words; decode high frequency words and content-specific vocabulary and use them to express ideas; read sentences and narrate personal experience with one's community and content-specific topics.			
C. <i>Learning Competencies</i>	RL1PWS-III-3. Isolate sounds (consonants and vowels) in a word (beginning and/or ending). RL1PWS-III-4 Substitute individual sounds in simple words to make new words. RL1PWS-III-5 Sound out words accurately. RL1VWK-III- 1 Use vocabulary referring to self, family, school, community, and environment. RL1VWK-III- 2 Identify words with different functions (naming and describing words). a. words that label persons, places, things, animals, actions, situations, ideas, and emotions RL1VWK-III- 3 Read high-frequency words accurately for meaning.	RL1PWS-III-5 Sound out words accurately. RL1VWK-III- 1 Use vocabulary referring to self, family, school, community, and environment. RL1VWK-III-3 Read high-frequency words accurately for meaning. RL1CAT-III-2. Comprehend stories. c. Infer the character's feelings and traits. d. Predict possible ending. f. Identify cause and effect of events. e. Relate story events to one's experience. RL1CCT-III-1 Narrate one's personal experiences. c. community RL1VWK-III-5 Write words legibly and correctly.	RL1PWS-III-3 Isolate sounds (consonants and vowels) in a word (beginning and/or ending). RL1PWS-III-4 Substitute individual sounds in simple words to make new words. RL1PWS-III-5 Sound out words accurately. RL1VWK-III- 1 Use vocabulary referring to self, family, school, community, and environment. RL1VWK-III- 2 Identify words with different functions (naming and describing words). b. words that describe persons, places, things, animals, actions, situations, ideas, and emotions. RL1VWK-III- 3 Read high-frequency words accurately for meaning.	RL1PWS-III-5 Sound out words accurately. RL1VWK-III- 1 Use vocabulary referring to self, family, school, community and environment. LC3. Read high-frequency words accurately for meaning. RL1CAT-III-2. Comprehend stories. c. Infer the character's feelings and traits. d. Predict possible ending. g. Identify problem and solution in stories. e. Relate story events to one's experience. RL1CCT-III-1 Narrate one's personal experiences. c. community RL1CCT-III-3 Express ideas about: c. community RL1CCT-III-4 Respond creatively to texts (myths,

	RL1CAT-IIIL-2. Comprehend stories. a. Note important details in stories character , setting, and events). b. Sequence events in stories. RL1CAT-III-1 Read sentences with appropriate speed, accuracy, and expression.		RL1CAT-IIIL-2. Comprehend stories. a. Note important details in stories (character, setting, and events). b. Sequence events in stories. RL1CAT-III-1 Read sentences with appropriate speed, accuracy, and expression.	legends, fables, and narrative poems).
<i>D. Learning Objectives</i>	At the end of the lesson, the learners can: a. identify words that function as naming words in the text. b. recognize vocabulary referring to community c. note important details of the characters in the story.	At the end of the lesson, the learners can: a. recognize vocabulary referring to community b. recognize cause and effect relationship c. relate events to one’s own experiences. d. read high frequency words.	At the end of the lesson, the learners can: a. identify and write describing words b. sequence events from a story read	
II. CONTENT				
III. LEARNING RESOURCES				
<i>A. References</i>	Ounla, S. My Cousin Visits My Village My Cousin Visits My Village Calado, D. (2024) Ang Pagbisita ng Aking Pinsan (translation for storyweaver.org)	Ounla, S. My Cousin Visits My Village My Cousin Visits My Village Calado, D. (2024) Ang Pagbisita ng Aking Pinsan (translation for storyweaver.org)	Chantavongsa, P. Fishing in my Village Fishing in My Village Calado, D. (2024) Ang Pangngisda sa aming Pamayanan	Ang Pamayanan Teacher-made
<i>B. Other Learning Resources</i>	tsart, pangkulay, lapis, mga larawan	tsart, pangkulay, lapis, mga larawan	tsart, pangkulay, lapis, mga larawan	tsart, pangkulay, lapis, mga larawan
<i>C. Anchorage</i>	Kalinisang Pangkapaligiran			
IV. TEACHING AND LEARNING PROCEDURES				

Before/Pre-Lesson Proper				
<i>Activating Prior Knowledge</i>	Engage the learners with the concept of the text which is about to be read. Say: Saan ka nakatira? Ito ba ay lungsod o probinsiya? Paano mo ilalarawan ang pamayanan na tinitirhan mo? Mayroong iba't ibang uri ng pamayanan. Ang iba ay makikita mo sa probinsiya at ang iba naman ay siyudad. May mga pamayanan na tahimik at mayroon ding maingay.	Engage the learners with the concept of the text which is about to be read. Say: Naranasan mo na ba na pumunta sa isang lugar na ibang iba ang anyo sa iyong sariling pamayanan? Paano ito naiba? Mayroon bai tong pagkakatulad? Mayroon tayong iba't ibang uri ng pamayanan sa Pilipinas. Iba iba man ang pamayanan, mahalaga na nagkakasundo ang mga naninirahan sa mga pamayanang ito.	Engage the learners with the concept of the text which is about to be read. Say: Nakakita ka na ba ng pamayanang pangisdaan? Ano ang mga bagay na makikita dito? Mayroong iba't ibang uri ng pamayanan. Mayroong sakahan, pangisdaan at siyudad.	Engage the learners with the concept of the text which is about to be read. Say: Nagkaroon ka na ba ng pagkakataon na pagmasdan ang pamayanan mo? Ano ang gustong-gusto mong bahagi ng iyong pamayanan? Ang ating pamyanan ay may magagandang katangian at katangian at mga bagay na mas paunlarin.
	Set the targets for the day's lesson. Say: Sa araw na ito ay babasahin ninyo ang mga salitang may kaugnayan sa pamayanan o komunidad. Tutukuyin din ninyo ang mga pangalan ng mga bagay, hayop, tao, lugar at emosyon. Sa pagbasa ng aklat, kailangan ninyong tandaan ang pangunahing tauhan at ang kanyang mga katangian.	Set the targets for the day's lesson. Say: Sa araw na ito ay babasahin ninyo ang mga salitang may kaugnayan sa pamayanan o komunidad. Uunawain ninyo ang kuwento at ang mga relasyong sanhi at bunga mula sa mga pangayayari dito. Sa pagbasa ng aklat, kailangan ninyong tandaan	Set targets for the day's lesson. Say: Sa araw na ito ay tutukuyin ninyo ang mga salitang naglalarawan. Pagsusunod-sunurin din ninyo ang mga pangyayari sa binasang kuwento.	Set targets for the day's lesson. Say: Sa araw na ito ay babasahin ninyo ang mga salitang may kaugnayan sa pamayanan o komunidad. Uunawain ninyo ang tula upang magkaroon ng hinuha sa mga posibleng pangyayari. luugnay din ninyo ang inyong mga karanasan sa mga tauhan sa tulang naratibo.

		<p>ang pangunahing tauhan at ang kanyang mga damdamin.</p> <p>luugnay din ninyo ang inyong mga karanasan sa mga tauhan sa kuwento.</p>		
Lesson Language Practice	<p>Present important words from the story:</p> <p>Say: Narito ang ating talasalitaan: ilog palengke bukirin kubo tinda</p> <p>Ang mga salita sa talaan ay mga pangalan, ang iba ay lugar at ang iba naman ay bagay.</p> <p>Narito ang mga larawan ng ilog, palengke, bukirin, kubo at tinda.</p>	<p>Present important words from previously read story.</p> <p>Say: Balikan natin ang mga talasalitaan natin noong nakaraang araw.</p> <p>ilog palengke bukirin kubo tinda</p> <p>Basahin ninyo ang mga sumusunod na pangungusap:</p> <p>Mababaw ang ilog kaya nakalangoy ang mga bata.</p> <p>Maraming tao sa palengke kaya mahirap mamili.</p> <p>Maraming tanim sa bukirin kaya madaming maaaning palay.</p> <p>Gumawa sila ng kubo upang mayroong pahingahan sa bukid.</p>	<p>Present important words from the story:</p> <p>Say: Narito ang ating talasalitaan:</p> <p>pangingisda umapaw ilog isda lambat</p> <p>Pamilyar ba kayo sa mga salitang ito.</p> <p>Narito ang mga larawan. (larawan ng mga salita sa talasalitaan)</p> <p>Pakinggan ninyo ang mga pangungusap at tukuyin ninyo ang kahulugan ng mga salita ayon sa mga pangungusap. Itambal ninyo ang mga ito.</p> <p>1. Pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga taong naninirahan sa tabing dagat o tabing-ilog.</p>	<p>Present important words from previously read story.</p> <p>Say: Narito ang ating talasalitaan:</p> <p>nagtutulungan nakakaabala alituntunin tagumpay matiwasay</p> <p>Ang mga salitang ito ay kailangan sa pamayanan. Pakinggan ninyo ang maikling talata.</p> <p>Ang mga tao sa pamayanan ay dapat na nagtutulungan. Hindi dapat gumagawa ang mga tao nang nakakaabala sa iba tulad ng pag-iingay o pagdudumi ng mga kalsada. Kung susunod ang lahat sa mga alituntunin. Masisiguro na magtatagumpay ang mga layunin sa pamayanan. Kapag nangyari ito magiging maayos o matiwasay ang pamumuhay ng lahat ng mamamayan sa pamayanan.</p>

ilog





Puno ng tinda ang tindahan ni Aling Maria kaya maraming namimili.

Sino ang muling makakapagtambal ng mga larawan ng mga salita mula sa paglalarawan sa mga pangungusap?

palengke



bukirin



2. Kapag malakas ang bagyo hindi naiwasang umapaw ang mga anyong tubig gaya ng ilog.



3. Iba't ibang uri ng lamang tubig gaya ng isda ang nahuhuli sa ilog.





Mula dito sagutin ninyo ang tanong ng Tama o Mali.

Ang matiwasay ba na pamumuhay ay walang suliranin.

Ang mga alituntunin ba ay dapat sinusunod.

Nagtutulungan ba ang mga tao na naghahati sa mga gawain?

Magtatagumpay ba ang pamayanan na hindi nagpapanatili ng kalinisan?

	<p>Kubo</p>  <p>Tinda</p>  <p>Maari ninyo bang ilarawan ang mga ito ayon sa nakikita ninyo sa mga larawan.</p>		<p>4. Upang makahuli ng mas maraming isda, gumagamit ang mga mangingisda ng lambat.</p>  <p>5. Ang ilog ay mas malalim sa sapa ngunit mas mababaw sa ilog.</p> 	
<p><i>Reading the Key Idea/Stem</i></p>	<p>Get the learners ready for story reading.</p> <p>Say: Ngayon ay magbabasa na tayo. Makinig nang maabuti! Habang nagbabasa tayo, tingnan natin kung ano ang nararamdaman ng mga</p>	<p>Reread the story in Day 1. This time the focus is on the feelings of the characters in the story in different situations.</p> <p>Say: Basahin natin muli ang kuwento.</p>	<p>Get the learners ready for story reading.</p> <p>Ngayon ay magbabasa na tayo.</p> <p>Pakinggan ninyong mabuti ang mga detalye ng kuwento. Tandaan ninyo ang katangian ng mga tauhan at mga</p>	<p>Reread the story in Day 1. This time the focus is on the events that allow you to make predictions.</p> <p>Pagbasa ng Tula</p> <p>Ang Pamayanan</p>

	<p>tauhan. Ano ang nagpapasaya o nagpapagulat sa kanila? Ano ang naraaramdaman nila sa bawat lugar ng kanilang pinupuntahan?</p> <p>Pagbasa ng Aklat</p> <p>Ang Pagbisita ng Aking Pinsan</p> <p>Ako si Nuoy at ito ang aking pamayanan. Minsan ay dumalaw sa akin si Ek, ang pinsan ko. Si Ek ay taga-siyudad kaya naman ibang-iba ang aming mga pamayanan.</p> <p>Ipinakita ko kay Ek ang aking pamilya. Bagamat magpinsan kami ay madalang umuwi dito sa amin si Ek kaya hindi niya gaanong kakilala ang pamilya ko.</p> <p>Ipinakita ko kay Ek ang ilog sa aming pamayanan. Naapakalinis nito. Sumunod naman kaming nagpunta sa palayan. Kulay ginto na ang mga bigas at nagsisimula na ng pag-ani.</p>	<p>Sa aking pagbasa ay balikan ninyo ang mahahalagang pangyayari. Tukuyin din ninyo ang naging bunga ng mga pangyayari na ito.</p> <p>Ayon kay Nuoy, dapat itago ang bigas sa kamalig. Ito ay isang tila bahay na istruktura kung saan iniimbak ang mga palay. Ginagawa ito upang mapanatiling tuyo ang palay.</p> <p>Ano ang dahilan kung bakit iniimbak o itinatago ang palay sa kamalig?</p> <p>Inaasahang sagot: Upang manatili itong tuyo Ang sanhi ay ang pagpapanatili na tuyo ang palay.</p> <p>Ang bunga nito ay iniimbak sila sa kamalig.</p> <p>Palaging nagwawalis ang mga monghe kaya malinis ang pamayanan.</p> <p>Sanhi: palaging naglilinis ang mga monghe Bunga: Malinis ang pamayanan.</p> <p>Ang sanhi ang dahilan ng mga pangyayari at ang bunga ang resulta nito.</p>	<p>sitwasyon kung saan nila ipinakita ang kanilang mga katangian.</p> <p>Pagbasa ng Kuwento</p> <p>Ang Pangingisda sa Aming Pamayanan</p> <p>Noong nakaraang gabi, napakalakas ng ulan at umapaw ang ilog sa aming pamayanan.</p> <p>Maganda ang panahon ngayon at ang lahat ay sabik na mangisda.</p> <p>Si Tong ay gumamit ng pamingwit at pangawit. Nakahuli siiya ng isda na tila ahas ang katawan.</p> <p>Si Nang naman ay nakahuli ng makintab na isda sa kanyang buslo.</p> <p>Si Aling Martha naman ay hipon ang nahuli sa lambat.</p>	<p>Ang pag-unlad ng pamayanan, Ay nakasalalay sa mga mamamayan. Kapag ang lahat ay nagtutulungan, Tagumpay ay tiyak na mararanasan.</p> <p>Mga tuntunin ay dapat sundin. Mga batas ay huwag balewalain. Magtapon ng basura sa wastong tapunan, Ang ingay na nakakaabala ay bawasan.</p> <p>Paghahangad ng tagaumpay para sa kapuwa, Ang sa mabutiung ugnayan ay magpapasimula. Iwasang ang sigawan o away. Upang matiwasay ang maging buhay.</p>
--	--	--	--	--

	<p>Ipinakita ko din sa kanya ang kamalig. Doon iniimbak ang mga bigas.</p> <p>Narito naman ang templo ng mga monghe sa aming pamayanan. Pinapaanatili nila na malinis at maayos ang aming kapaligiran.</p> <p>Pumunta din kami sa manggaahan. Hinog na ang mga manga at napakaraming bunga.</p> <p>Napagod kami sa pamamasyal kaya umuwi muna kami.</p> <p>Nang makapahinga ay dinala ko siya sa palengke. Doon ay kumain kami ng mga kakanin.</p> <p>Nagustuhan ni Ek lahat.</p> <p>"Mahal ko ang aking kapaligiran sa king pamayanan," sabi ni Nuoy.</p> <p>"Gusong-gusto ko ang pamayanan mo Nuoy, saan</p>		<p>Si Lolo Bon ay nakahuli ng hito.</p> <p>Talangka naman a tilapia ang nahuli ni Thao gamit ang kanyang makinang na lambat na maliliit ang butas.</p> <p>Nang iangat naman ni Lola Peng ang kanyang paag na lambat ay nakahuli ng mga maliliit na isda.</p> <p>Si Tiyo Kiko ay nakahuli din ng hito na may mahabang balbas sa kaniyang pahabang buslo na may butas.</p> <p>Sa pangalawang hagsis ng kani-kanilang lambat,pangkawit at buslo ay marami pa ring nahuli ang lahat. Ang kanilang malinis na kapaligiran ang nagpaparami ng kanilang huli.</p> <p>Sabay-sabay nilaang niluto ang kanilang mga huli at pinagsaluhan.</p> <p>Mga tanong habang binabasa ang kuwento:</p>	
--	--	--	--	--

	<p>tayo pupunta bukas?" nakangiting tanong ni Ek.</p> <p>Mga Tanong Habang Nagbabasa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Sino ang dumalaw sa probinsiya? 2. Saang mga lugar sila nagpunta? 3. Ano ang pakiramdam ni Ek sa kaniyang naging pagdalaw? 4. Ano ang naramdaman ni Nuoy sa pagdating ng kanyang pinsan? 5. Paano nagtapos ang kuwento? 		<ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang uri ng pamayanan na ipinapakita sa kuwento? 2. Ano ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao dito? 3. Sino-sino ang nangingisda sa larawan? 4. Nakahuli ba ang mga tauha ng isda? Paano nagkakaiba ang mga hukli nila? 5. Ano ang ginawa nila sa pagtatapos ng kuwento? 	
<p><i>Developing Understanding of the Key Idea/Stem</i></p>	<p>Introduce the target learning competencies using the context of the story.</p> <p>Say: Sa ating kuwento, ipinakita ni Nuoy ang kanyang pamayanan sa kanyang pinsan na taga-siyudad o lungsod.</p> <p>Paano mo ilalarawan ni Nuoy ayon sa kanyang pagpapakita ng kanyang pamayanan sa pinsan?</p> <p>Mabait na pinsan ba si Nuoy? Masayahin?</p>	<p>Introduce the target learning competencies using the context of the story.</p> <p>Say: Balikan natin ang mga pangungusap sa simula ng aralin. Tukuyin natin ang mga sanhi at bunga.</p> <p>Mababaw ang ilog kaya nakalangoy ang mga bata.</p> <p>Maraming tao sa palengke kaya mahirap mamili.</p>	<p>Introduce the target learning competencies using the context of the story.</p> <p>Say: Balikan natin ang ilang larawan sa kuwento.</p> <p>Ayusin natin ang mga pangyayari ayon sa tamang pagkakasunod-sunod.</p> <p>Ipaliwanag sa mga bata na hindi lahat ng pangyayari sa kuwento ay makikita sa mga larawan.</p>	<p>Introduce the target learning competencies using the context of the story.</p> <p>Say: Ang mga ginagawa o nararanasan natin ay nagbibigay sa atin ng ideya sa mga posibleng mangyari.</p> <p>Balikan natin ang bahagi ng ating tula.</p> <p>Ano ang mangyayari kung ang mga mamamayan ay nagtutulungan?</p> <p>Kapag ang lahat ay nagtutulungan,</p>

Akma ba ang naging kilos ni Nuoy para asikasuhin ang pinsan?

Paano mo ilalarawan si Ek? Nagustuhan ba niya ng pagpapakita ni Nuoy ng pamayanan niya sa kaniya?

Narito ang talaan, tingnan pa ang ibang salita na makikita sa talaan. Pumili ng iba pang salita na maaaring maglarawan sa dalawang bata.

Babasahin ko muna ang mga ito. Tukuyin ninyo ang mga salita na hindi pamilyar sa inyo.


maa alala hani n	sa bik	ma liko t	mab ilis	ma dal dal
matu lungi n	m asi pa g	ma gal an g	map agbi gay	ma usi sa

Maraming tanim sa bukirin kaya madaming maaaning palay.

Gumawa sila ng kubo upang **mayroong pahingahan sa bukid.**

Puno ng tinda ang tindahan ni Aling Maria kaya maraming namimili.

Inaasahang sagot:
Ang mga initimang bahagi ang sanhi.
Ang natirang bahagi ang bunga.




- a. magtatagumpay
- b. magkakahiwa-hiwalay

Ano ang mangyayari kapag binalewala ang batas?

Mga batas ay huwag balewalain.
Paghahangad ng tagaumpay para sa kapuwa,

Ano ang mangayyari kung naghahangad tayo ng mabuti sa kapuwa?
Nalalaman natin kung ano ang isasagot sa pagbibigay ng hinuha dahil sa ating mga naunang karanasan.

			<p>Pasalitang ipaliwang sa klase ang nangyayari sa bawat larawan.</p> <p>Kapansin-pansin sa ilang larawan ang pagkakaiba sa gamit sa panghuli ng isda at nahuling isda ay magkakaiba. Mayroong mahahabang lalagyan, maliliit, malalalim at mababaw. Mayroong mahabang isda at maikling isda. Mayroong pabilog at pahaba.</p>	
<p><i>Deepening Understanding of the Key Idea/Stem</i></p>	<p>Connect the story with the target skills.</p> <p>Say: Sa naunang bahagi ng aralin ay nailarawan ninyo ang ating mga tauhan. Napakaganda ng lugar ni Nuoy.</p> <p>Balikan natin ang bawat lugar na pinuntahan nila. Tukuyin natin ang mga bagay na makikita sa mga ito.</p>	<p>Connect the story with the target skills.</p> <p>Say: Ipinasyal ni Nuoy ang pinsan sa buong pamayanan.</p> <p>Ang mga lugar na ito ay:</p> <p>ilog</p> <p>parke</p> <p>palengke</p> <p>bukid</p> <p>Ano-ano ang mga pangyayari ang maaaring maganap sa lugar na ito?</p>	<p>Connect the story with the target skills.</p> <p>Say: Tingnan ninyo ang pinagtambal na larawan ng isda at panghuli ng isda. Pagkumparahin natin ang mga ito.</p> <p>Ang isda na nahuli ni Thao ay malaki at mahaba.</p> <p>Ang pamingwit niya ay mayroong mahaba at manipis na pisi.</p>	<p>Connect the story with the target skills.</p> <p>Say: Balikan natin ang ilang pangyayari sa kuwento.</p> <p>Magtala ng dalawang posibleng mangyari mula sa mga sumusunod na larawan.</p> 



Ano-anong mga bagay ang makikita sa larawan?

Inaasahang Sagot: ilog, puno, dahon, tubig, bato

Ilagay natin ang mga pangalan na nabanggit sa tamang lalagyan.

Pangalan				
ta o	bag ay	lug ar	hay op	dam dam in

Narito pa ang isang larawan mula sa kuwento.

Gumawa kayo ng mga sitwasyon na nagpapakita ng sanhi at bunga batay sa inyong mga naging karanasan sa lugar na ito.

Hal:

Maaga kami pumunta sa palengke **upang makaiwas sa maraming tao.**


Ang initimang bahagi ang sanhi at ang naiwang bahagi ang bunga.



Ang buslo niya ay mabilog.



Ang isda niya ay maliit.




Ang lambat ni Lolo Buon ay malapad.

Kapag nakahuli ka ng malaking isda



Kapag maraming tinda sa palengke ng paborito mong pagkain.




Anong lugar ito?

Ano ang mga bagay na makikita dito?

Anong hayop ang karaniwang makikita dito?

Anong mga posibleng damdamin ang maaaring maibigay dito?



Ang isda niya ay katamtaman ang laki.

Malaki ang lambat ni Kood.

Madami siyang nahuling isda.




Pahaba ang panghuli ni Theo Khampiew.



Mahaba at madulas ang hawak niyang isda.



Kapag naisip mo ang mga maaaring gawin sa pamayanan

			 <p>Ano-ano ang mga salitang naglalarawan ang nakita ninyo sa mga pangungusap?</p> <p>Ang mga salitang, malaki, mahaba, pahaba, madulas, madami at katamtaman ang laki ay salitang naglalarawan.</p>	
<i>Making Generalizations and Abstractions</i>	<p>Make a synthesis of the skills learned in this lesson.</p> <p>Say: Sa ating aralin ano-ano ang mahalagang natutunan ninyo?</p> <p>Mayroon akong isang sitwasyon: Kung dadalhin ninyo ang kaibigan ninyo sa inyong paboritong lugar, saan ninyo sila dadalhin?</p> <p>Itatala ko sa pisara ang inyong mga sagot.</p> <p>Pagkatapos sabay-sabayin ng nating babasahin ang mga naisulat ninyo.</p>	<p>Make a synthesis of the skills learned in this lesson.</p> <p>Say: Sa ating aralin, nalaman natin na ang sanhi ang dahilan ng mga pangyayari at ang bunga ang epekto o resulta. Nakakapagbigay tayo ng bung amula sa mga sanhi dahil sa ating mga naunang naging karanasan.</p>	<p>Make a synthesis of the skills learned in this lesson.</p> <p>Say: Sabihin ninyo ang TAMA para sa mga tamang pangungusap at MALI para sa mga hindi.</p> <p>_____ 1. Ang mga pangalan ng tao, bagay, lugar at damdamin ay maaaring ilarawan.</p> <p>_____ 2. Sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari, hindi kailangan na tingnan ang lahat ng bahagi ng kuwento.</p>	<p>Make a synthesis of the skills learned in this lesson.</p> <p>Say: Paano tayo nakakapagbigay ng hinuha o matalinong hula sa mga bagay?</p> <p>Inaasahang Sagot: Ginagamit natin ang ating mga naunang karanasan upang makapg-isip ng posibleng mangyari mula sa mga ito.</p>

			<p>_____ 3. Ang mga kulay, hugis, bilang at katangian ay mga salitang naglalarawan.</p>																
<p><i>Evaluating Learning</i></p>	<p>Provide an evaluation to gauge the learner's understanding of the text. Pumili ng isang lugar sa iyong pamayanan. Punan lamang ng isang beses ang tsart.</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th colspan="5">Pangalan</th> </tr> <tr> <th>ta o</th> <th>bag ay</th> <th>lug ar</th> <th>hay op</th> <th>damd amin</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td></td> <td></td> <td></td> <td></td> <td></td> </tr> </tbody> </table> <p>*see LAS</p>	Pangalan					ta o	bag ay	lug ar	hay op	damd amin						<p>Provide an evaluation to gauge the learner's understanding of the text.</p> <p>Dugtungan ang mga pangungusap ng posibleng bunga.</p> <p>1. Nagustuhan ni Ek ang pagbisita kay Nuoy kaya _____</p> <p>2. Napapanatiling malinis ng mga tao sa pamayanan ni Nuoy ang kanilang paligid kaya _____</p> <p>3. Maraming napuntahang lugar sila Nuoy kaya _____</p> <p>4. Masipag magtanim ang mga magsasaka sa pamayanan ni Nuoy kaya _____</p> <p>5. Maraming nakitang pagkain si Ek sa palengke kaya _____</p> <p>*see LAS</p>	<p>Provide an evaluation to gauge the learner's understanding of the text.</p> <p>Tingnan ang mga larawan mula sa nagdaang kuwento at lagyan ng 1-5 ayon sa tamang pagkakasunod-sunod. Maging hand ana pasalitang ipaliwanag ang nangyayari sa bawat larawan.</p> 	<p>Provide an evaluation to gauge the learner's understanding of the text.</p> <p>Magbigay ng matalinong hula sa posibleng katapusan ng kwento kung:</p> <p>1. Nakangiti ang pangunahing tauhan bago ang katapusan.</p> <p>2. Nakuha ng tauhan ang layunin na itinalaga</p> <p>3. Lumuluha ang pangunahing tauhan</p> <p>4. Iba ang nangyari sa naiisip ng tauhan na maaring mangyari.</p>
Pangalan																			
ta o	bag ay	lug ar	hay op	damd amin															

			  	
Additional Activities for Application or Remediation (if applicable)	Provide extension activity to further enhance the newly learned skills. Hahatiin ang klase sa mga grupo. Bawat grupo ay	Provide extension activity to further enhance the newly learned skills. Hahatiin ang klase sa mga grupo. Bawat grupo ay	Provide extension activity to further enhance the newly learned skills. Hahatiin ang klase sa mga grupo. Bawat grupo ay	Provide extension activity to further enhance the newly learned skills.

	magtatala kung ilang miyembro ang nakatira sa siyudad at ilan naman ang sa rural o bukirin. Magbibigay ang bawat miyembro ng bagay, hayop, tao o lugar sa kanyang pamayanan na makikita dito.	bibigyan ng larawan ng isang pamayanan. Magtatala ang bawat grupo ng tatlong pangungbusap na nagpapakita ng sanhi at bunga.	bibigyan ng larawan mula sa naunang gawain. Magtatala ng limang bagay mula sa larawan na ito at ilalarawan ang mga ito.	Hahatiin ang klase sa mga grupo. Bawat grupo ay bibigyan ng mga larawan na ngapapakita ng sitwasyon. Itatala ng mga bata ang posibleng mangyari o katapusan batay sa larawan.
<i>Remarks</i>				
<i>Reflection</i>				

Prepared by:

Subject Teacher

Reviewed by:

Master Teacher/Head Teacher

Approved by:

School Head